SIMTA SYDNEY INTERMODAL TERMINAL ALLIANCE

Filipino
AGOSTO 2020



# MGA BAGONG BALITA SA KOMUNIDAD

## Moorebank ginawaran ng "Excellent" sa puntos ng pagpapanatili

Ang Moorebank Logistics Park ay nabigyan ng "Excellent" design rating mula sa Infrastructure Sustainability Council of Australia (ISCA), ang pinakamataas na mga katuparan sa pagpapanatili (sustainability) at makabagong-likha (innovation outcomes).

Ang pamaraan ng pagtatasa ng ISCA ay ang tanging komprehensibong rating system ng Australya at New Zealand para sa pagsusuri ng pagpapanatili sa kabuuan ng mga programa sa imprastraktura, mga proyekto, mga network at mga pag-aari. Ang instrumento ay sinusuri ang sustainability performance ng mga quadruple-bottom-line (Pamamahala, Economiya, Kapaligiran at Panlipunan) ng pagpapaunlad ng imprastraktura.

Ang MLP ay makakatipid ng higit sa dalawang milyong tonelada ng carbon dioxide equivalents (tCO2-e) sa mahigit 40 taon na operasyon sa pamamagitan ng isang disenyo na matipid sa enerhiya at kabilang ang paggamit ng mga electric forklift, mabisang ilaw at mga crane na nakakakuha at gumagamit ng regenerated power.

Kinikilala din ng markang ISCA ang pagbabawas sa paglabas ng greeenhouse gas na nakamit sa transportasyon ng containerised freight mula Port Botany hanggang Moorebank sa pamamagitan ng tren sa halip na sa daan – pagtanggal ng libo-libong biyahe ng mabibigat na trak araw-araw mula sa mga daan ng Sydney at pagbabawas ng karagdagang 110,000 tCO2-e ng taon-taon.

Binati ng Clean Energy Finance Corporation (CEFC) Chief Executive Officer Ian Learmonth ang Qube sa pambihirang nagawa. Ang MLP ang unang proyekto sa imprastraktura ng transportasyon na makakuha ng suporta mula sa CEFC sa pamamagitan ng isang $150m pasilidad ng pautang.

"Ipinagmamalaki naming makatrabaho ang Qube. Layunin namin na makakatulong sa pagbuo ng Moorebank Logistics Park sa isang pamantayan sa pagpapanatili na hindi pa nakikita sa Australya, kaya nagtakda kami ng mataas na layunin – at pagkatapos ay hihiling sa Qube na lampasan pa ito," ani niya.

"Ang tagumpay ng Qube ay nagpapakita ng kanyang pangako sa pagpapanatili at nagpapakita ng mga posibilidad ng 'decarbonisation' sa kabuuan ng kahit sa pinaka-kumplikadong operasyon ng imprastraktura," sabi ni G. Learmonth.

Ang Moorebank Logistics Park ay isa lamang sa isang piling pangkat ng pribadong binuong mga proyekto na nabigyan ng 'Excellent design rating'.




### Mga bushfire, bagyo at COVID-19

Isang mababang pagtasa na sabihin na ang unang kalahati ng taon ay naging kapansin-pansin sa napakaraming paraan: nakasisindak na mga sunog sa kagubatan at mga nagtatagal l na usok sa ating rehiyon, pagbabaha mula sa minsan sa isang siglong mga bagyo at ngayon ang mga malawak na epekto sa kalusugan, lipunan at ekonomiya mula sa COVID-19.

Ang buong pangkat ng proyekto na nagtatrabaho upang maihatid ang Moorebank Logistics Park ay umaasa na makakarating sa inyo na ligtas at mabuti itong bagong balita tungkol sa proyekto.

Sa kabila ng patuloy na mga hamon ng pandemyang coronavirus, marami ang patuloy naming nakamit upang maihatid ang proyekto at makabuo nang patuloy na pamumuhunan at mga trabaho sa rehiyon.

Kapag tapos na ang kasalukuyang krisis, nais naming matiyak na ang aming proyekto – sa konstruksyon at operasyon – ay kasangkot sa pagbalik sa normal at pag-unlad ng Liverpool, Sydney, NSW at Australya.







## Bagong Balita Tungkol Sa Mga Local Na Trabaho

Ang Qube ay kinilala bilang isang tagapagbigay ng “essential service” ng mga pamahalaan ng NSW at Australya sa panahon ng patuloy na pandemya ng coronavirus at may isang kritikal na tungkulin sa pagpapanatili ng trabaho at pamumuhunan ngayon at pati na rin sa paglalagay ng pundasyon para sa hinaharap na mga benepisyong pang-ekonomiya ng Liverpool.

Nagtatag ang proyektong MLP ng ilang mga pamamaraan upang masiguro na hangga't maaari ay may maraming oportunidad para sa mga lokal na negosyo at kontratista na makapagbigay ng mga paninda at serbisyo sa lugar, kabilang ang paghingi sa lahat ng mga pangunahing kontratista na ipapakita ang mga pagsisikap na iyon.

Ang mga resulta ay labis na nakakasiya. Sa mga pagsusuri ng kuwenta na isinagawa sa buong nakaraang dalawang taon, palaging nakikita na $20 sa bawat $100 na gastos ng Qube at ng mga kontratista nito ay ginugol sa lokal na rehiyon.

Sa isang proyektong nangangailangan ng sobrang pagkuha ng mga natatanging mga kagamitan na hindi nabibili sa lokal, ipinagmamalaki naming nabibili ang mga ito sa Liverpool, Campbelltown, Fairfield at Bankstown LGAs.

**Ang mga lokal na kumpanyang nais na maunang magrehistro para makapagtrabaho sa proyekto ay maaaring bumisita sa www.icn.org.au ng Industry Capability Network at hanapin ang “Moorebank” sa homepage.**

Ang mga manggagawang naghahanap ng trabaho, ang pinakamabuting gawin ay lumapit sa aming mga nangungupahan (Target at CaesarStone, at may marami pang darating sa 2020) o dumeretso sa mga kontratrista (BMD, Georgiou, Hansen Yuncken, Quanstruct at Fulton Hogan).

## Dumadami ang hibbertia fumana

Ang pagtatanim ng halamang hibbertia fumana buhat sa lugar ng MLP ay nagpapatuloy sa Mount Annan Botanic Garden upang matiyak ang magandang hinaharap ng halamang ito na pinaniniwalaang nawala na sa buong mundo (extinct) bago ito natuklasan sa ating lugar bago naumpisahan ang konstruksyon.

Mahigit isang libong tangkay at 34 na mga halaman (ng parehong hibbertia fumana at hibbertia puberula) ay nakolekta noong Hunyo 2018 at dinala sa halamanan. Ang pangkalahatang pagkakataon ng tagumpay sa mga nakulektang tangkay ay mas mataas kaysa sa inaasahan at pagkalipas ng 12 buwan, mayroong nang halos 200 hibbertia fumana at 10 hibbertia puberula sa halamanan.

Ngayong itong populasyon ay itinatag, may mga panukala kung paano ito magagamit sa paggawa ng mga bagong binhi na maaaring itanim sa loob ng Wattle Grove offset area.

Sa mga nagdaang linggo, ang Qube ay nakikipag-ugnayan sa isang espesyalista upang maghanda ng isang detalyadong Translocation Management Plan upang gabayan ang patuloy na paglipat ng mga hibbertias sa loob ng Moorebank Precinct.

Ang panukala ay inihanda sa pagtulong at patnubay mula sa Australian Botanic Garden Mount Annan, na may karanasan sa paglipat ng mga klase ng hibbertia, bago umpisahan ang muling pagtatanim sa 2022 – kasama ang inaasahang muling pagtatanim ng mahigit 1,000 halamang hibbertia fumana sa lugar.



## Ipinahayag ng Woolworths ang mga plano sa pagkakaroon ng bagong state-of-the-art distribution centres sa Moorebank

Noong patapos na ng Hunyo, ipinahayag ng Qube ng pagkakasundo para sa isang 26-ektaryang development at paupahang bodega ng Woolworths Group sa Moorebank Logistics Park - na siyang magiging base ng kanyang mga operasyon sa Australya.

Ang mga bagong pasilidad ng Woolworths – isang National Distribution Centre (NDC) at isang Regional Distribution Centre (RDC) – ay magkakasama ng mga operasyon sa iisang sadyang-ipinatayong pasilidad na may ipinagmamalaking nangungunang teknolohiya sa mundo. Napapailalim sa mga pag-apruba sa pagpaplano ng Pamahalaan ng NSW, ang NDC ay inaasahan na sisimulan ang mga operasyon nito sa 2023 at ang pagbubukas ng RDC sa 2024.

Ang pagbuo ng dalawang mga pasilidad ay magbibigay ng higit sa 1,000 na mga trabaho sa konstruksyon bago pa magsisimula ang mga bagong operasyon.

Sa pagpapahayag sa mga plano para sa Moorebank, sinabi ni Woolworths Group Chief Supply Chain Officer Paul Graham:

"Ang aming bagong binalak na mga distribution centres sa Moorebank ay magbabago sa paraan ng aming paglilingkod sa aming mga tindahan sa NSW, magpapalakas sa aming ugnayan at lilikha ng mga bagong lokal na trabaho – humigit-kumulang sa 1,000 sa panahon ng konstruksyon at 650 sa patuloy na batayan.

"Ang teknolohiyang gagamitin namin ay tutulong na mapahusay ang aming paglagay sa mga nabibili sa estande kasama ang pinabilis na pag-restock, pagbawas ng kasikipan sa mga tindahan, at pagpapagana ng isang mas ligtas na kapaligiran sa trabaho para sa aming mga pangkat na may mas kaunting manu-manong paghawak.

"Ang mga bagong pasilidad ay tutulong din sa pag-unlad ng aming 'localised ranging efforts', na may kakayahang humawak ng labis sa libu-libong pang mga produkto sa iisang lugar kaysa sa aming mga dating pasilidad."

Ang Qube Managing Director, Maurice James ay sumalubong sa Woolworths sa Moorebank. "Kami ay nasisiyahan na ang Woolworths ay kumikilala sa mga makabuluhang pakinabang na magagamit ng mga nangungupahan sa Moorebank Logistics Park," ani niya.

"Ang aming pangkat sa proyekto ay inaabangan na makakapagtrabahong kasama ang pangkat ng Woolworths sa pagbibigay ng pinakamainam na solusyon para sa kanilang mga operasyon. Ang pangmatagalang pangako ng Woolworths ay magpapatibay sa nakakaakit na kalakal nitong mahalagang pambansang proyekto sa imprastraktura at transportasyon."



## Open for consultation (Bukas para sa sanggunian)

Hinihiling namin sa komunidad ng kanilang mga puna sa dalawang aspeto ng aming proyekto na nangangailangan ng pahintulot sa pagpaplano.

Ang muling pag-ayos ng Moorebank Avenue – kung saan ang Qube, ang Pambansang Pamahalaan at Transport NSW ay nagtutulungan – ay maglilipat ng daan sa silangan sa pagitan ng Anzac Road at ng linya ng tren sa East Hills.

Isang pangunahing pakinabang nito ay ang trapikong dadaan sa Moorebank Logistics Park (sa kasalukuyan ay nagkakahanay sa Moorebank Ave) ay maghihiwalay mula sa trapikong naglalakbay sa pagitan ng Moorebank at Glenfield.

Para sa mga gumagamit ng daan na palayo sa M5 south sa may Moorebank Avenue, ang ibig sabihin nito ay pagkatapos dumaan sa Anzac Road at ng Joint Logistics Unit ng army, ang daan ay kakaliwa para magpapatuloy at lalampasan ang aming proyektong bodega ng Target, bago kakanan upang magpapatuloy papunta sa timog, na kahanay sa dating daan. Sa kalayuang dulo ng aming lugar, ang daan ay liliko sa kanan at muling dudugtong sa kasalukuyang daan bago tatawid sa kasalukuyang tulay ng tren.

Humihiling din kami ng mga puna sa isang Stage 3 State Significant Development Application na may kaugnayan sa Moorebank Precinct West, dahil nais naming magtayo ng mga permanenteng kalsada at mga lugar-pahingahan (laydown areas), at ipagpatuloy ang subdivision ng lupain, katulad ang nangyari sa Moorebank Precinct East.

Ang aming proyekto ay mayroon nang mga bahagi ng pagpaplano, konstruksyon at operasyon. Tinitiyak naming mapanatiling may kamalayan ang komunidad ng lahat ng mga aktibidad sa **www.simta.com.au** at sa pamamagitan nitong regular na newsletter at mga pahiwatig ng proyekto na inihahatid sa mga tahanang malapit sa aming mga trabaho.



## Ang nagbabagong itsura ng Moorebank Logistics Park

Ang unang kalahati ng 2020 ay naging isang matrabahong panahon para sa mga mahahalagang karangalan sa ating mga proyekto.

Natapos natin ang dalawang bagong 20,000 metro kwadradong bodega sa silangang hangganan ng ating parke, na ngayon ay inuupahan ng CaesarStone (10,145 metro kwadrado) at ng ATS Timber Supplies (12,501 metro kwadrado). Ang pagtatayo ng pangatlong bodega – mga 40,000 metro kwadrado ang laki – ay kasalukuyang ginagawa sa tabi ng pag-aangkat at pagluluwas na terminal ng tren.

Ang operasyon ng treminal ng tren ay lubusang isinasagawa at napapatunayang matagumpay para sa mga namimili at sa ating pangunahing nangungupahan, Target Australia.

Sa kabila ng Moorebank Avenue, ang ating koponan ng proyekto ay lumipat sa isang bagong pinagsamang lugar, na nagpapapagaan sa daloy ng trapikong nauugnay sa ating proyekto at nagbabawas sa paggamit ng pansamantalang interseksyon (mga ilaw-trapiko at boomgate) upang maging mas maginhawa ang buhay ng mga dumaraan sa ating lugar.

Ang kontratista ng Moorebank Avenue na BMD ay nakagawa ng isang dakilang pagsulong sa paghahanda sa lupain na katabing kanluran ng daan para sa isang pansamantalang daanan na gagamitin habang ang daan ay ginagawang mas malawak, mula dalawang landas hanggang apat sa ilang bahagi at itataas ito ng dalawang metro, na may kasamang bagong sistema ng kanal upang mawala na ang palagiang pagbabaha na dulot ng mga bagyo.

---


**Tawagan Kami**

Bumisita po sa aming website

**www.simta.com.au**
para sa dagdag na impormasyon

PO Box 1488
Bondi Junction NSW 2022

Para sa mga natatanging tanong, mangyari pong

**tumawag sa 1800 986 465**

o magpadala ng mga nakasulat na tanong o feedback sa **simta@elton.com.au**